



Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno

Pagsuporta sa Pamilya

PEBRERO 11, 2006

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2006 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakaraan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/04
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/04

Mga Nilalaman

Mahalaga ang Kasal sa Kanyang Walang Hanggang Plano	2
<i>Elder David A. Bednar</i>	
Banal na Tungkuling Mahalin at Kalingain ang Bawat Isa	8
<i>Elder L. Tom Perry</i>	
Ang mga Magulang ay may Banal na Tungkulin	13
<i>Bonnie D. Parkin</i>	
Mga Tahanang Banal, mga Walang Hanggang Pamilya	18
<i>Pangulong Thomas S. Monson</i>	
“Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo”	24

Mahalaga ang Kasal sa Kanyang Walang Hanggang Plano



ELDER DAVID A. BEDNAR
Ng Korum ng Labindalawang
Apostol

Ang Huwaring Pagsasama ng Mag-asawa Ayon sa Doktrina

Pinayuhan tayong mabuti ng Unang Panguluhan na pagsikap nating mabuti ang pagpapatibay ng kasal at ng tahanan. Ang gayong tagubilin ay higit na kailangan sa daigdig ngayon, dahil hinahamak ang kabanalan ng kasal at binabalewala ang kahalagahan ng tahanan.

Kahit sinusuportahan ng Simbahan at ng mga programa nito ang kasal at pamilya at karaniwan ay nagtatagumpay dito, lagi nating tandaan ang mahalagang katotohanang ito: walang anumang bagay o organisasyon na makahalili sa tahanan o makatutupad sa mahahalagang tungkulin nito.¹ Dahil dito, magsasalita ako ngayon sa inyo unang-una bilang kalalakihan at kababaihan, bilang mga asawa, at bilang mga ama't ina—at ikalawa bilang mga lider ng priesthood at auxiliary sa Simbahan. Ang tungkulin ko ay talakayin ang mahalagang papel ng kasal na walang hanggan sa plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit.

Tutuon tayo sa kung ano ang huwaring pagsasama ng mag-asawa ayon sa doktrina. Umaasa ako na ang pagrerebyu ng ating mga walang hanggang posibilidad at paalala kung sino tayo at bakit tayo narito sa mortalidad ay magbibigay ng direksyon, kapanatagan, at pag-asa sa ating lahat, may asawa man tayo o wala o anuman ang kalagayan natin ngayon. Kung minsa'y parang malaki ang kaibhan ng huwaring pagsasama ng mag-asawa ayon sa doktrina sa tunay na nangyayari sa buhay sa araw-araw, pero unti-unti kayong humuhusay at bumubuti kaysa inaakala ninyo.

Nais kong isipin ninyo ang sumusunod na mga tanong habang tinatalakay natin ang mga alituntuning nauugnay sa kasal na walang hanggan.

Unang tanong: *Sa sarili kong buhay, sinisikap ko bang maging mas mabuting asawa, o nagbabanda ba akong mag-asawa, sa pamamagitan ng pag-unawa at pamumuhay ng mga pangunahing alituntuning ito?*

Ikalawang tanong: *Bilang lider ng priesthood o auxiliary, tinutulongan ko ba ang mga pinaglilingkuran ko na maunawaan at maisagawa ang mga pangunahing alituntuning ito, para tumibay ang pagsasama ng mag-asawa at pamilya?*

Habang mapanalangin nating pinag-iisipang mabuti ang mga tanong na ito at gayundin ang ating relasyon sa ating asawa at mga responsibilidad sa Simbahan, pinatotohanan ko na bibigyang-liwanag ng Espiritu ng Panginoon ang ating isipan at ituturo sa atin ang mga bagay na dapat nating gawin at pagbutihin (tingnan sa Juan 14:26).

Bakit Mahalaga ang Kasal

Sa “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” ipinahayag ng Unang Panguluhan at Konseho ng Labindalawang Apostol “na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inordena ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.”² Maraming itinuturo sa atin ang mahalagang pangungusap na ito sa pagpapahayag tungkol sa kabuluhan ng kasal ayon sa doktrina at binibigyang-diin ang pangunahing kahalagahan ng kasal at pamilya sa plano ng Ama. Ang matwid na pag-aasawa ay isang utos at



mahalagang hakbang para magkaroon ng pagmamahalan sa pamilya na maitutuloy hanggang sa kabilang buhay.

Dalawang malalaking dahilan ayon sa doktrina ang nagpapaunawa sa atin kung bakit mahalaga ang kasal na walang hanggan sa plano ng Ama.

Unang dahilan: *Ginagawang lubos at ganap ng katangian ng mga espiritu ng lalaki't babae ang isa't isa, kaya't nilayon na magkasamang umunlad ang mga lalaki't babae tungo sa kadakilaan.*

Ang likas na kawalang-hanggan at kahalagahan ng kasal ay lubos na maunawaan lamang sa pangunahing konteksto ng plano ng Ama para sa Kanyang mga anak. “Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na

espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit at . . . may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos.”³ Ang dakilang plano ng kaligayahan ang nagbibigay-daan para magkaroon ng pisikal na katawan ang mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ng Ama sa Langit, magtamo ng karanasan sa mundo, at umunlad tungo sa kaganapan.

“Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan”⁴ at nililinaw kung sino tayo, bakit tayo narito sa lupa, at ano ang gagawin natin dito at kahihinatnan

natin. Dahil sa mga banal na layunin, ang espiritu ng lalaki't babae ay magkaiba, natatangi, at magkabalagay.

Matapos likhain ang mundo, inilagay si Adan sa Halamanan ng Eden. Gayunman, ang mahalaga ay sinabi ng Diyos na “hindi mabuti na ang lalaki ay mag-isa” (Genesis 2:18; Moises 3:18), at si Eva ang naging kasama at katuwang ni Adan. Ang natatanging kombinasyon ng espirituwal, pisikal, mental, at emosyonal na mga kakayahan kapwa ng mga lalaki at babae ay kinailangan para ipatupad ang plano ng kaligayahan. Kung nag-iisa, hindi magagampanan ng lalaki ni ng babae ang mga layunin ng pagkalikha sa kanya.

Sa banal na plano, ang mga lalaki't babae ay nilayong umunlad na magkasama tungo sa kaganapan at puspos

na kaluwalhatian. Dahil sa magkaiba nilang mga pag-uugali at kakayahan, hatid ng mga lalaki't babae sa pagsasama nila ang mga natatanging pananaw at karanasan. Magkaibangunit magkapantay ang ambag ng lalaki at babae tungo sa pagkakaisa na hindi makakamit sa ibang paraan. Ginagawang lubos at ganap ng lalaki ang babae at ginagawang lubos at ganap ng babae ang lalaki, habang natututo at lumalakas at pinagpapala nila ang isa't isa. "Gayon man, ang babae ay di maaaring walang lalake at ang lalake ay di maaaring walang babae, sa *Panginoon*" (I Mga Taga Corinto 11:11; idinagdag ang pagkahilig ng mga titik).

Ikalawang dahilan: *Ayon sa banal na plano, kapwa kailangan ang lalaki at babae para magsilang ng mga anak sa mortalidad at ibigay ang pinakamainam na lugar sa pagpapalaki at pag-aaruga ng mga anak.*

Ang utos na ibinigay noon kina Adan at Eva na magpakarami at kалан ang mundo ay nananatiling may bisa ngayon. "Iniutos ng Diyos na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay narapat lamang gawin ng lalaki at babae, na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas. . . Ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos."⁵ Kaya nga, ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at isang babae ang awtorisadong paraan para makapasok ang mga espiritu sa mortalidad. Ang lubos na pag-iwas sa pakikipagseks bago ikasal at lubos na katapatan pagkatapos makasal ang nangangalaga sa kabanalan ng sagradong paraang ito.

Ang tahananang may mapagmahal at tapat na mag-asawa ang pinakamagandang lugar kung saan mapapalaki

ang mga anak sa pagmamahal at kabutihan at matutugunan ang espirituwal at pisikal na mga pangangailangan ng mga anak. Kung gaano kahalaga ang tulong ng mga natatanging katangian kapwa ng mga lalaki at babae sa pagkalubos ng



Binanggit ni Elder Parley P. Pratt ang mga pagpapalang dumarating habang natututuhan at nauunawaan natin, at sinisikap na ipamuhay ang huwarang pagsasama ng mag-asawa ayon sa doktrina.

pagsasama ng mag-asawa, gayundin kahalaga ang mga katangiang iyon sa pagpapalaki, pag-aaruga, at pagtuturo sa mga anak. "Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kaniyang ginawa nang sila ay ikasal."⁶

Mga Gabay na Alituntunin

Ang nirebyu nating dalawang dahilan ayon sa doktrina tungkol sa kahalagahan ng kasal na walang hanggan sa plano ng kaligayahan ng Ama ay nagmumungkahi ng mga

gabay na alituntunin para sa mga taong naghahandang magpakasal, sa mga kasal na, at sa paglilingkod natin sa Simbahan.

Unang alituntunin: *Ang kabalagaban ng kasal na walang hanggan ay mauunawaan lamang sa konteksto ng plano ng kaligayahan ng Ama.*

Madalas nating pag-usapan at itampok ang kasal bilang pangunahing yunit ng lipunan, bilang pundasyon ng matatag na bansa, at bilang mahalagang institusyon ng lipunan at kultura. Ngunit ipinaunawa sa atin ng ipinanumbalik na ebanghelyo na ito'y higit pa rito!

Hindi kaya tinatalakay natin ang kasal nang hindi man lang itinuturo ang kahalagahan ng kasal sa plano ng Ama? Ang pagbibigay-diin sa kasal nang hindi ito iniuugnay sa simple at pangunahing doktrina ng plano ng kaligayahan ay hindi magbibigay ng sapat na patnubay, proteksyon, o pag-asa sa mundong lalong nalilito at sumasama. Makabubuting alalahanin natin ang turo ni Alma—na "ang Diyos ay nagbigay sa [mga anak ng tao] ng mga kautusan, *matapos* mai-palam sa kanila ang plano ng pagtubos" (Alma 12:32; idinagdag ang pagkahilig ng mga titik).

Napakaganda ng paliwanag ni Elder Parley P. Pratt tungkol sa mga biyayang dumarating sa atin kapag natututuhan, nauunawaan, at sinisikap nating ipamuhay ang huwarang pagsasama ng mag-asawa ayon sa doktrina:

"Si Joseph Smith ang nagturo sa akin kung paano pahalagahan ang pagmamahalan ng ama't ina, mag-asawa; ng magkapatid, ng anak na lalaki't babae.

"Sa kanya ko nalaman na ang pinakamamahaling kong asawa ay



nga sa inorden ng Diyos ang kasal at ang pamilya ang sentro sa plano ng kaligayahan. Ang pag-atake ng kaaway sa kasal na walang hanggan ay patuloy na titindi, dadalas, at magiging masalimuot.

Dahil tayo ngayo'y nakikidigma para sa kapakanan ng kasal at ng tahanan, sa pinakahuling pagbabasa ko ng Aklat ni Mormon pinagtuunan ko ng pansin ang mga paraan ng mga Nephita sa paghahanda sa pakikidigma sa mga Lamanita. Napansin ko na “*nalalaman* [ng mga tao ni Nephi] *ang layunin* ng [kanilang kaaway], at kaya nga, sila ay naghanda na harapin sila” (Alma 2:12; idinagdag ang pagkahilig ng mga titik). Sa pagbabasa ko at pag-aaral, nalaman ko na *pag-unawa sa layunin ng kaaway* ay lubos na kailangan sa epektibong paghahanda. Dapat din nating isaisip ang layunin ng ating kaaway sa digmaan sa mga huling araw na ito.

Ang plano ng Ama ay nilayong pumatnubay sa Kanyang mga anak, tulungan silang lumigaya, at ligtas silang maiuwi sa Kanya. Ang layunin ng mga pag-atake ni Lucifer sa plano ay para lituhin at palungkutin ang mga anak ng Diyos at pigilan ang kanilang walang hanggang pag-unlad. Pangunahing layon ng ama ng kasi-nungalingan na tayong lahat ay “maging kaaba-abang katulad ng kanyang sarili” (2 Nephi 2:27), at sinisikap niyang baluktutin ang mga elemento sa plano ng Ama na labis niyang kinamumuhian. Si Satanas ay walang katawan; hindi siya makapag-aasawa; at hindi siya magkakapamilya. At pilit niyang sinisikap na ilito ang mga banal na layuning itinakda ng kasarian, kasal, at pamilya. Sa buong mundo, nakikita natin ang dumaraming ebidensya ng pagiging epektibo ng gawain ni Satanas.

makakasama ko sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan; at ang dalisay na kabaitan at pag-ibig na naglapit sa amin sa isa't isa ay nagmula sa bukal ng banal at walang hanggang pag-ibig. . . .

“Umibig na ako noon, pero hindi ko alam kung bakit. Ngunit ngayo'y umibig ako—nang dalisay—matindi at dakilang damdamin, na mag-aangat sa aking kaluluwa mula sa pansamantalang buhay na ito at magpapalawak tulad ng karagatan. . . . Sa madaling salita, kaya ko na ngayong magmahal nang buong kaluluwa at may pag-unawa.

“Gayunman, noong panahong iyon, ang pinakamamahal kong kapatid na si Joseph Smith, ay . . . inangat lang ang isang dulo ng tabing at pina-silip ako sa kawalang-hanggan.”⁷

Bilang mga lalaki't babae, bilang mga mag-asawa, at bilang mga lider ng Simbahan, nakikita ba natin kung paano mauunawaan lamang ang kahalagahan ng kasal na walang hanggan sa konteksto ng plano ng kaligayahan ng Ama? Ang doktrina ng plano ang umaakay sa mga lalaki't babae na umasa at maghanda para

sa kasal na walang hanggan, at nada-daig nito ang mga pangamba at kawalang-katiyakan na maaaring maging dahilan ng pagpapaliban o pag-iwas ng ilang tao sa kasal. Ang wastong pagkaunawa sa plano ay nagpapalakas din sa ating pasiyang patuloy na igalang ang tipan ng kasal na walang hanggan. Ang sarili nating pagkatuto, pagtuturo, at pagpapatotoo kapwa sa tahanan at sa Simbahan ay madaragdagan sa pag-ninilay natin at higit na pag-unawa sa katotohanang ito.

Ikalawang alituntunin: Hangad ni Satanas na maging kaaba-abang tulad niya ang labat ng lalaki at babae.

Walang tigil si Lucifer sa pag-atake at pagbaluktot sa mga doktrinang pinakamahalaga sa atin, sa ating mga pamilya, at sa buong mundo. Saan itinuon ng kaaway ang kanyang pinakahayagan at pinakamasamang mga pag-atake? Hindi tumitigil si Satanas na lituhin ang pagkaunawa sa kasarian, itaguyod ang wala sa panahon at di-matwid na paggamit ng kapangyarihang lumikha ng anak, at hadlangan ang matwid na pag-aasawa dahil

Nito lang huli, tinangkang pagsamahin at gawing legal ng diyablo ang pagkalito at maling ideya tungkol sa kasarian at kasal. Sa pagtanaw natin sa kabilang buhay at kawalang-hanggan, madaling maunawaan na ang huwad na mga alternatibong itinataguyod ng kaaway ay hindi kailanman hahantong sa pagiging kumpleto na naging posible dahil sa pagbubuklod ng isang lalaki't isang babae, sa kaligayahang dulot ng matwid na pag-aasawa, sa kagalakan sa mga inapo, o sa biyaya ng walang hanggang pag-unlad.

Batid ang layunin ng ating kaaway, dapat tayong lalong mag-ingat sa paghahangad ng personal na inspirasyon kung paano natin pangangalagaan at ililigtas ang ating kasal mismo—at paano natin matututuhan at maituturo ang mga tamang alituntunin sa tahanan at sa mga tungkulin natin sa Simbahan tungkol sa walang hanggang kabuluhan ng kasarian at ng ginagampanan ng kasal sa plano ng Ama.

Ikatlong alituntunin: *Ang pinakamalaking pagpapala ng pag-ibig at kaligayaban ay nakakamit sa pamamagitan ng tipan ng kasal na walang hanggan.*

Ang Panginoong Jesucristo ang sentro sa tipan ng kasal. Pansinin ninyo kung paano nakaposisyon ang Tagapagligtas sa pinakaitaas ng tatsulok na ito, na ang babae at lalaki ay nasa magkabilang sulok sa ibaba. Isipin ngayon kung ano ang mangyayari sa pagsasama ng lalaki't babae habang pareho silang unti-unting “lumalapit kay Cristo” at nagsisikap na maging “ganap sa Kanya” (Moroni 10:32). Dahil sa at sa pamamagitan ng Manunubos, nagkakalapit ang lalaki't babae sa isa't isa.

Habang napapalapit ang mag-asawa sa Panginoon (tingnan sa 3 Nephi

27:14), habang natututuhan nilang paglingkuran at mahalina ang isa't isa, sa mga karanasan nila sa buhay at sa-bay sa pag-unlad at pagiging isa, at habang pinagpapala sila sa pagsasanib ng mga likas nilang katangian, matatanto nila ang katuparan ng mga hangarin ng ating Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak. Ang sukdulang kaligayaban, na siyang pinakamimithi ng plano ng Ama, ay natatanggap sa pamamagitan ng pakikipagtipan sa kasal na walang



Lalong nagkakalapit ang mag-asawa kapag patuloy na lumalapit ang bawat isa sa kanila kay Cristo.

hanggan at paggalang dito.

Bilang mga lalaki't babae, bilang mga mag-asawa, at bilang mga lider ng Simbahan, isa sa pinakamahahaling responsibilidad natin ang tulongan ang mga kabataang lalaki't babae na matuto at maghanda para sa matwid na pag-aasawa sa pamamagitan ng ating halimbawa. Kapag nakikita ng mga kabataang lalaki't babae ang pagkamarapat, katapatan, sakripisyo, at paggalang sa mga tipan sa ating kasal, hahangarin ng mga kabataang iyon na sundin ang mga alituntunin ding iyon sa kanilang pagliligawan at pagsasama bilang mag-asawa. Kapag napansin ng mga kabataan na inuuna natin ang katiwasayan at kaginhawahan ng

ating asawa sa kawalang-hanggan, mababawasan ang pagkamakasari nila at higit silang magbibigay, maglingkod, at lilikha ng maayos at nagtatagal na pagsasama. Kapag naunawaan ng mga kabataang lalaki't babae ang paggalang sa isa't isa, pagmamahal, pagtitiwala, at pag-ibig sa pagitan ng mag-asawa, sisikapin nilang magkaroon ng gayunding mga katangian sa kanilang buhay. Mas maraming matututuhan ang ating mga anak at kabataan ng Simbahan mula sa ginagawa natin at kung ano tayo—kahit kaunti lang ang natatandaan nila sa sinasabi natin.

Nakakalungkot na marami sa mga batang miyembro ng Simbahan ngayon ang takot magpakasal at hindi naikakasal sa kawalang-hanggan dahil napakarami nilang nakikitang diborsiyo sa mundo at nasisirang mga tipan sa kanilang tahanan at sa Simbahan.

Ang kasal na walang hanggan ay hindi lamang pansamantalang legal na kontrata na mapapawalang-bisa anumang oras sa halos anumang dahilan. Bagkus, ito'y sagradong pagkikipagtipan sa Diyos na may bisa sa buhay na ito at sa buong kawalang-hanggan. Ang katapatan ng mag-asawa sa isa't isa ay hindi lang dapat maging kaakitakit na mga salitang binibigkas sa mga sermon; bagkus, dapat makita ang mga alituntuning ito sa sarili nating tipan sa kasal.

Kapag isinasaisip natin sa kahalagahan ng ating halimbawa, may nakikita ba tayong mga bagay na kailangan pa nating pagbutihin? Binibigyang-inpirasyon ba ng Espiritu Santo ang ating isipan at pinalalambot ang ating puso at hinihikayat tayong kumilos at magpakabuti? Bilang mga lider ng priesthood at auxiliary, itinutuon ba natin ang ating mga

gawain sa pagpapatibay ng pagsasama ng mag-asawa at pamilya?

Kailangang magkasama ang mga mag-asawa para mapalakas ang kanilang sarili at kanilang tahanan laban sa pag-atake ng kaaway. Sa pagsisikap nating magampanan ang ating mga tungkulin sa Simbahan, hindi kaya natin nahahadlangan nang hindi sinasadya ang mga mag-asawa at ama't ina sa pagtupad sa kanilang mga sagradong responsibilidad sa tahanan? Halimbawa, kung minsan ba'y nag-iiskedyul tayo ng mga miting at aktibidad na hindi naman kailangan na nakakahadlang sa mahalagang pagsasama ng mag-asawa—at ng ugnayan nila sa kanilang mga anak?

Habang taimtim nating pinag-iisipang mabuti ang mga tanong na ito, tiwala ako na tumutulong ang Espiritu kahit ngayon at patuloy tayong tutulongang matuto ng mga bagay na dapat nating gawin sa tahanan at sa Simbahan.

Ang mga Espirituwal na Mapagkukunan na Ating Kailangan

Ang mga responsibilidad nating alamin at unawain ang doktrina ng plano, tumulong at maging mga halimbawa ng matwid na pag-aasawa, at ituro ang mga tamang alituntunin sa tahanan at sa simbahan, ay maaaring magpaisip sa atin kung kaya nating gampanan ang tungkulin. Tayo'y mga pangkaraniwang taong dapat magsagawa ng tunay na pam-bihirang gawain.

Maraming taon na ang nakalilipas, abala kami ni Sister Bednar sa pagtugon sa napakaraming sabay-sabay na pangangailangan ng isang nagsisimula at masiglang pamilya—at ng Simbahan, trabaho, at mga responsibilidad sa komunidad. Isang gabi nang



Ang isa sa pinakamahahalagang responsibilidad natin ay tulungan ang mga kabataang lalaki't babae na matuto at maghanda para sa matwid na pag-aasawa sa pamamagitan ng ating halimbawa.

makatulog na ang mga bata, matagal kaming nag-usap tungkol sa kung gano kaepektibo naming naaasikaso ang lahat ng mahahalaga naming priyoridad. Natanto namin na hindi namin matatanggap ang pangakong mga biyaya sa kawalang-hanggan kung hindi namin lubos na igagalang ang ti-pang ginawa namin sa mortalidad. Kapwa kami nagdesisyong kumilos at magpakabuti bilang mag-asawa. Ang aral na iyon na matagal na naming natutuhan ay nagdulot ng malaking kaibhan sa aming pagsasama.

Ang matamis at simpleng doktrina ng plano ng kaligayahan ay nagbibigay ng mahalagang pananaw sa kawalang-hanggan at ipinaunawa sa atin ang kahalagahan ng kasal na walang hanggan. Mapalad tayo at nasa atin ang lahat ng espirituwal na sangguniang kailangan natin. Nasa atin ang kabuuan ng doktrina ni Jesucristo. Nasa atin ang Espiritu Santo at paghahayag. Mayroon tayong mga nakapagliligtas na ordenansa, tipan, at templo.

Mayroon tayong priesthood at mga propeta. Nasa atin ang mga banal na kasulatan at ang kapangyarihan ng salita ng Diyos. At nasa atin Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Pinatotohanan ko na mapalad tayo at nasa atin ang lahat ng espirituwal na sangguniang kailangan natin para matuto, makapagturo, makapagpatatag, at maipagtanggol ang matwid na kasal—at talagang magkasama tayong mabubuhay sa kaligayahan bilang mga mag-asawa at pamilya sa kawalang-hanggan. Sa sagradong pangalan ni Jesucristo, amen.

MGA TALA

1. Tingnan sa liham ng Unang Panguluhan, Peb. 11, 1999; tingnan sa *Liabona*, Dis. 1999, 1.
2. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liabona*, Okt. 2004, 49.
3. *Liabona*, Okt. 2004, 49.
4. *Liabona*, Okt. 2004, 49.
5. *Liabona*, Okt. 2004, 49.
6. *Liabona*, Okt. 2004, 49.
7. *Autobiography of Parley P. Pratt*, inedit ni Parley P. Pratt Jr. (1938), 297-98.

Banal na Tungkuling Mahalin at Kalingain ang Bawat Isa

ELDER L. TOM PERRY

Ng Korum ng Labindalawang Apostol



Pagbabalanse ng Ating mga Responsibilidad

Ang naitalagang paksa sa akin ay ang sumusunod na pangungusap mula sa pagpapahayag sa mag-anak: “Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak.”¹ Nais kong ituro ang paksang ito sa kakaibang paraan kaysa sa nakasanyan na ninyo sa ibang mga miting sa pagsasanay sa pamumuno. Hindi ako

gaanong magbabanggit mula sa mga hanbuk; sa halip gusto ko kayong kausapin nang masinsinan tungkol sa paglingkod ninyo sa kaharian ng ating Ama sa Langit. Ang layunin nito ay ang malaman kung sama-sama nating mas mauunawaan kung paano mababalanse ang ating mga responsibilidad na mahalin at kalingain ang ating pamilya kasabay ng iba pang mahahalagang tungkuling ibinigay sa atin ng Ama sa Langit.

Nang itatag ang Simbahan noong Abril 6, 1830, tinanggap ni Propetang Joseph Smith ang paghahayag na nakatala ngayon bilang bahagi 21 ng Doktrina at mga Tipan. Mababasa sa isang bahagi ng paghahayag:

“Masdan, may talaang iingat na inyo; at sa mga ito ikaw ay tatawaging tagakita, tagapagsalin, propeta, isang apostol ni Jesucristo, elder ng simbahan sa pamamagitan ng kalooban ng Diyos Ama, at ng biyaya ng inyong Panginoong Jesucristo,

“Na pinupukaw ng Espiritu Santo upang itatag ang saligan niyaon, at itayo ito sa pinakabanal na pananampalataya. . . .

“Dahil dito, nangangahulugang ang simbahan, kayo ay tatalima sa lahat ng kanyang mga salita at kautusang ibibigay niya sa inyo tuwing siya ay tatanggap ng mga ito, naglalakad nang buong kabanalan sa harapan ko;

“Sapagkat ang kanyang salita ay inyong tatanggapin, na parang mula sa sarili kong bibig, nang buong pagtitiis at pananampalataya” (D at T 21:1–2, 4–5).

Kabilang sa mga unang tagubiling ibinigay sa bagong tatag na Simbahang ito ay sundin ang inspirasyon at paghahayag na nagmumula sa Panginoon, sa pamamagitan ng Kanyang propeta, sa pagtupad sa ating mga responsibilidad sa pagtatayo ng Kanyang kaharian. Nangako Siyang papatnubayan tayo sa landas na dapat nating tahakin upang isakatuparan ang dakilang gawaing ito.

Ang Payo ng Propeta

Palagay ko’y ibinigay sa atin ni Pangulong Gordon B. Hinckley, na ating propeta ngayon, ang susi upang mabalanse ang ating mga responsibilidad sa naunang pandaigdigang puulong sa pagsasanay sa pamumuno, na ginanap noong Hunyo 21, 2003. Sa brodkast na iyon ay sinabi niya:

“Nasa inyo . . . ang pribilehiyong kumatawan sa Manunubos ng daigdig habang isinusulong natin ang gawaing ito. Nasa inyo ang pagkakataong magsalita tungkol sa kagandahan ng nagbabayad-salang dugo ng Panginoong Jesucristo para sa kapakanan ng Kanyang mga anak. May hihigit pa bang pribilehiyo rito?

“Magalak sa pribilehiyo ninyo. Hindi panghabang-panahon ang pagkakataong ito. Di magtatagal at tanging alaala ng dakilang karanasan ninyo ngayon ang mananatili.

“Walang sinuman sa atin ang



Sa buong kasaysayan ng panahon, ibinigay Niya ang Kanyang sagradong batas upang pangalagaan at proteksyunan ang banal na pagsasama ng mag-asawa.

makagagawa ng lahat ng nais nating gawin. Ngunit gawin natin ang lahat ng pinakamainam nating magagawa. Panatag ako na sasabihin ng Manunubos sa sandaling iyon, 'Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin' (Mateo 25:21)."²

Kung naaalala ninyo, ipinaliwanag niya sa brodkast na iyon ang apat na responsibilidad natin. Ang una ay tumutukoy sa paksang tatalakayin natin sa brodkast na ito. Sabi niya:

"Una, hindi ninyo dapat kaligtaan ang inyong pamilya. Wala nang mas mahalaga pa kaysa kanila. Ang inyong kabiyak at mga anak ay karapat-dapat pag-ukulan ng pansin ng asawa at ama nila. Matapos ang lahat, ang ugnayang ito ng pamilya ang dadalhin natin sa kabilang buhay. Sa pagpapakahulugan sa mga banal na kasulatang, 'Sapagka't ano ang pakikinabangin ng tao, kung makapaglingkod siya [nang tapat] sa Simbahan at mawala naman ang kanyang pamilya?' (tingnan sa Marcos 8:36)"³

Ito ang patuloy na mensahe ng ating mga propeta mula pa noong

mga unang araw ng organisasyon ng Simbahan. Ang pinakamahalagang lugar para ituro ang ebanghelyo at pamumuno ay sa pamilya at tahanan. Kung susundin natin ang mga tagubilin ito, magbibigay tayo ng mga asayntment at magpapalano ng mga programa, aktibidad, at klaseng pupuno at tutulong sa ating mga pamilya.

Pagtatakda ng mga Wastong Priyoridad

Ang paggamit natin ng ating oras at pagpapanatiling balanse ng ating buhay ay mahalaga sa kahusayan ng pagganap natin sa ating mga tungkulin sa pamilya at paglilingkod sa Simbahan. Disiplinahin ang inyong sarili na sundin ang payo ng propeta kung paano ninyo maipa-priyoridad ang inyong oras.

Ang Inyong Asawa sa Kawalang-banggan

Simulan sa pagtalakay sa inyong walang hanggang asawa kung ilang oras ang kailangan ninyong gugulin

para mapatatag ang inyong pagsasama, at maipakita ang pagmamahal ninyo sa isa't isa. Ito ang una ninyong priyoridad.

Ang Simbahan ay tumutulong sa mga tao at pamilya na lumapit kay Cristo at magtamo ng buhay na walang hanggan. Ang buhay na walang hanggan ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa Kanyang mga anak, at nakakamtam lang ito sa isang ugnayan ng pamilya. Ang ugnayang ito ay dapat magsimula sa pag-iisa ng lalaki at babae, na sagrado sa Panginoon at isang bagay na di dapat lapastanganin. Mahalaga ang tipan ng kasal sa plano ng Panginoon at ito ang dahilan kaya Niya nilikha ang langit at lupa. Sa buong panahon ng kasaysayan, ibinigay Niya ang Kanyang sagradong batas upang pangalagaan at proteksyunan ang banal na pagsasama ng mag-asawa.

Ang Inyong mga Anak

Ikalawa, isaisip ang espirituwal na mga pangangailangan ng inyong mga



Ang pinakamahalagang tagubilin matatanggap ng inyong mga anak kahit kailan ay dapat magmula sa kanilang mga magulang.

anak. Ilang oras ba ang kailangan para makatiyak na magiging malapit kayo sa kanila? Responsibilidad ninyong mga ama't ina na mag-ukol ng sapat na oras para turuan sila, dahil ang pinakamahalagang tagubilin matatanggap ng inyong mga anak kahit kailan ay dapat magmula sa kanilang mga magulang. Kailangan tayong maging pamilyar sa itinuturo ng Simbahan sa ating mga anak upang makaayon tayo sa turong iyon sa pagtuturo natin sa bawat anak. Halimbawa, ganito ang payo sa mga kabataan tungkol sa pamilya sa polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan*, sa pagsipi sa pagpapahayag sa mag-anak:

“Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapaki-pakinabang na gawaing panlibangan.”⁴

Pagpapatuloy pa sa polyeto:

“Malaking pagpapala ang maging bahagi ng isang mag-anak. Sasamahan at paliligayahin kayo ng inyong mag-anak, tutulungan kayong matuto ng mga wastong alituntunin sa isang kapaligirang puno ng pagmamahal, at tutulungan kayong maghanda para sa buhay na walang hanggan. Hindi parepareho ang lahat ng mag-anak, ngunit bawat isa ay mahalaga sa plano ng ating Ama sa Langit.

“Gawin ang inyong bahagi sa pagbuo ng masayang tahanan. Maging masayahin, matulungin, at mapagbigay sa iba. Maraming problema sa tahanan ang dulot ng makasarili at walang-pakundangang pagsasalita at pagkilos ng mga miyembro ng mag-anak. Alalahanin ninyo ang mga pangangailangan ng ibang miyembro ng mag-anak. Maging tagapayapa sa halip na manukso, makipaglaban, at mang-away. Tandaan na ang mag-anak ang pinakamahalagang yunit ng Simbahan.”⁵

Paglalaan sa Inyong Pamilya

Ang ikatlo nating priyoridad ay ilaan ang pangangailangan ng ating

pamilya. Muli sa pagpapahayag sa mag-anak:

“Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak.”⁶

Kailangan nating panatilihin ang magaganda nating kasanayan para kumita. Sa pabagu-bagong mundo, kailangan nating sabayan ang takbo ng panahon, dahil kung hindi ang ating mga kasanayan ay malalaos. Kahit abala tayo sa mga tungkulin sa Simbahan, hindi natin dapat palampasin ang mga oportunidad na pagbutihin ang ating pag-unlad at ang kapakanan ng ating pamilya. Kailangan dito ang paglalaan ng sapat na panahon at pag-iisip para makapaganda sa hinaharap.

Ang payong ito ay kapwa para sa mga kapatid na babae at lalaki. Bagama't pangunahing responsibilidad ng mga ama ang tustusan ang pamilya, sinasabi sa pagpapahayag na sa “kapansanan, kamatayan, o iba pang kalagayan”⁷ ay kakailanganin ninyong

mga babae na gamitin at paghusayin ang inyong mga kasanayan para maglanaanan ang inyong pamilya.

Paglilingkod sa Simbahan

Ang ikaapat nating priyoridad ay ang katapatan natin sa oras na ipinangako nating gugulin sa mga aktibidad sa Simbahan. Pinahalagahan ng mga aktibong pamilyang Banal sa mga Huling Araw ang oras nila sa Simbahan at sa kanilang buhay-pamilya ay pinipili nilang magkaroon ng sapat na panahon dito.

Kailangang maging lalong sensitibo ang mga lider sa iba't ibang sitwasyon ng pamilya kapag ibinigay nila ang tungkulin at ipinaalam ang mga inaasahan. Ang mga pamilyang may maliliit na anak at may mabibigat na tungkulin sa labas ng bahay ang kapwa magulang ay malamang na madamang sagabal sa buhay-pamilya nila ang mga aktibidad sa Simbahan. Makakatulong ang mga lider ng Simbahan sa pamamagitan ng pasasalamat at pagsuporta sa mga pag-sikap ng mga miyembro na ibalanse ang paglilingkod sa Simbahan sa kani-ang mga responsibilidad sa pamilya.

Mapag-iibayo natin ang pakikisama sa ating pamilya sa paglilingkod natin sa ating mga tungkulin sa Simbahan.



Pagsasali sa mga Miyembro ng Pamilya

May mga paraan para lalong magkasama-sama ang ating pamilya habang naglilingkod tayo sa ating mga tungkulin sa Simbahan sa pamamagitan ng pagsali sa ating pamilya, kung nararapat, sa ating paglilingkod. Hayaan ninyong magbigay ako ng isang personal na halimbawa.

Naging bishop ko ang tatay ko noong bata pa ako. Siya'y taong abalang-abala sa gawain niya bilang abogado. Aktibo rin siya sa mga gawain sa lungsod at palaging hinihilingang magsalita sa publiko. At, siyempre, ama siya ng anim na bata. Nagpapasalamat ako tuwina na tama ang mga priyoridad ng tatay ko. Laging si nanay ang una niyang priyoridad. Makikita ito sa paraan ng pakikitungo niya sa kanya. Kasunod nito ang tapat na pag-uukol ng pansin sa bawat anak niya.

Noong mga anim na taong gulang ako, may nagregalo sa akin ng pulang laruang bagon sa Pasko. Katulad na katulad iyon ng maliit na modelong ito. Ang maliit na pulang bagon ay nagpatunay ng tunay na bigkis naming mag-ama. Sa kaabalaan niya, kinailangan niyang humanap ng mga paraan para maisali ang pamilya niya sa mga aktibidad nang hindi naapektuhan ang kanyang trabaho.



Ang malaking bahagi ng paglilingkod niya bilang bishop ay naganap sa panahon ng Matinding

Kahirapan noong 1930s. Malaki ang pangangailangan ng marami sa mga miyembro ng aming ward. Bilang bishop, responsibilidad niyang bigyan sila ng ikabubuhay. Mukhang magandang aktibidad ito para sa bishop, sa kanyang anak, at sa maliit na pulang bagon.

Kapag umuwi ako mula sa paaralan at nakakakita ako sa tabi ng garahe ng supot ng mga—arina, asukal, trigo, at iba pang kalakal. Alam ko na ang gabing iyon ay pagkakataon naming magkasama ni Itay.

Kapag nakauwi na siya, puno na ng mga kalakal ang maliit na pulang bagon para dalhin sa isang pamilya. Habang naglalakad kaming dalawa at nag-uusap, tinatapos namin ang aming welfare assignment sa paghahatid ng mga kalakal sa mga taong nangangailangan.

Nasaksihan ko mismo ang pagmamahal at malasakit ng mabuting lider ng priesthood sa mga miyembro ng kanyang ward. Ang higit na mahalaga, nagkaroon ako ng pagkakataong gumugol ng mahahalagang sandali sa piling ng tatay ko.

Pagtuon sa Mahahalagang Priyoridad

Gusto kong hikayatin kayo na gawin ang itinuro namin sa inyo sa unang pandaigdigang pulong sa pagsasanay sa pamumuno. Pinaaalalahanan namin kayo na magkakaiba sa estado ng pag-unlad ang lahat ng yunit ng Simbahan, at lahat ng yunit ay iba-iba ang pangangailangan. Kapag nagpapalano tayo ng mga programa sa Simbahan, dapat nating isaalang-alang ang mga pamilya.

Muli, binabalaan namin kayo na huwag bigyan ang inyong mga miyembro ng mahigit sa isang tungkulin sa



Simbahan, at ng home teaching at visiting teaching. Disiplinahin ang sarili ninyo na sundin ang mahahalagang priyoridad, at mamamangha kayo sa patnubay ng inspirasyon ng Panginoon sa pagsasagawa ng inyong mga responsibilidad na maging mga tagapaglingkod sa Kanyang kaharian.

Ang pinakamahalagang tuon ng ipinanumbalik na Simbahan ay magpadali at magbigay sa atin ng mga pagkakatangong tumulong sa Panginoon sa Kanyang gawaing isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao. Ginagawa natin ito unang-una sa pamamagitan ng pagpapalakas ng mga pamilya. Sa panahon ng pagguho ng moralidad, kawalang-katiyakan sa pulitika, kaguluhahan sa buong mundo, at pabagubagong ekonomiya, ang pagtuon natin sa pagpapalakas at pagpapatatag ng mga pamilya ay dapat pag-igihin at pag-ibayuhin. Ang talagang layunin ng Simbahan ay tulungan ang mga

pamilya na magtamo ng kaligtasan at kadakilaan sa walang hanggang kaharian sa langit.

Ang Gabay na Aklat ng Mag-anak

Ilang taon na ang nakalipas naglathala tayo ng espesyal na *Gabay na Aklat ng Mag-anak*. Ito’y para gamitin ng mga miyembro, lalo na ng mga bagong miyembro o mga taong kakaunti ang karanasan sa Simbahan. Hinihikayat namin kayong gamitin ito. Nagsisimula ito sa pahayag na:

“Ang mag-anak ang pangunahing yunit ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw at sa lipunan sa panahon at kawalang-hanggan. Itinatag ng Diyos ang mga mag-anak upang magdulot ng kaligayahan sa Kanyang mga anak, pahintulutan silang matuto ng mga tamang alituntunin sa kapaligirang may pagmamahalan, at upang maihanda sila sa buhay na walang-hanggan.

“Ang tahanan ang pinakamainam na lugar upang magturo, mag-
aral, at ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo.”⁸

Muli namin kayong hinihikayat na sumangguni sa nakakatulong na mga turo sa buklet na ito.

Ang Halimbawa ng Tagapagligtas

Ang ating Panginoon at Tagapagligtas mismo ang nagministeryo sa kanyang mga tao, na pinasisigla ang mahihina, binibigyan ng pag-asa ang mga pinanghihinaan ng loob, at hinahanap ang mga nawawala. Sa Kanyang mga salita at gawa, ipinakita Niya sa mga tao na minamahal at nauunawaan at pinahahalagahan Niya sila. Kinikilala Niya ang banal na katangian at walang hanggang kahalagahan ng bawat isa. Kahit sa panawagan sa mga tao na magsisi, tinutuligsa Niya ang kasalanan hindi ang nagkasala.

Tulad ng ating Tagapagligtas, bilang mga lider sa Simbahan dapat nating mahal in ang mga taong pinaglilingkuran natin, na nagpapakita ng pag-aalala at malasakit sa bawat tao. Nawa’y pagpalain tayo ng Panginoon sa mga sagradong responsibilidad na ibinigay Niya sa atin ang aking dalangin, sa ngalan ni Jesucristo, amen.

MGA TALA

1. “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo,” *Liabona*, Okt. 2004, 49.
2. “Pagkagalak sa Pribilehiyong Maglingkod,” *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno*, Hunyo 21, 2003, 24.
3. *Pandaigdigang Pulong sa Pagsasanay sa Pamumuno*, Hunyo 21, 2003, 22.
4. *Liabona*, Okt. 2004, 49.
5. *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (polyeto, 2002), 10.
6. *Liabona*, Okt. 2004, 49.
7. *Liabona*, Okt. 2004, 49.
8. *Gabay na Aklat ng Mag-anak* (2001), 1.

Ang Gabay na Aklat ng Mag-anak (*aytem blg. 31180 893*) ay makukuba sa mga distribution center at service center ng Simbahan.



Ang mga Magulang ay may Banal na Tungkulin



BONNIE D. PARKIN

Relief Society General President

Mga Responsibilidad sa Pamilya

Kung may isang bagay akong gustong mangyari sa mga magulang at lider ng Simbahang ito, iyon ay ang madama nila ang pagmamahal ng Panginoon sa kanilang buhay sa bawat araw sa pangangangalaga nila sa mga anak ng Ama sa Langit. Maaaring hindi ang sinabi ko ang aantig sa inyong puso, kundi ang bulong sa inyo ng Espiritu. Sundin ang magigiliw na panghihikayat na iyon.

Malinaw sa alaala ko nang ibigay ang pagpapahayag sa mag-anak: Setyembre 23, 1995. Nakaupo ako sa Tabernakulo sa pangkalahatang miting ng Relief

Society. Si Pangulong Hinckley ang huling nagsalita. Inilahad niya ang “Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo.” Kaytahimik ng kongregasyon ngunit mayroon ding pananabik, isang reaksyon ng, “Oo—kailangan namin ng tulong sa aming pamilya!”

Naalala kong napakaganda ng pakiramdam ko tungkol dito. Pumatak ang mga luha ko. Pagtingin ko sa mga miyembrong babaeng nakaupo sa malapit, tila gayon din ang nadarama nila. Napakaraming nakasaad sa pagpapahayag na hindi ako makapaghintay na makakuha ng kopya at pag-aralan ito. Pinagtitiyab sa pagpapahayag ang dangal ng kababaihan. At isipin na lang na una itong ibinigay sa kababaihan ng Simbahan sa pangkalahatang miting ng Relief Society—alam ko na pinahahalagahan ni Pangulong Hinckley ang kababaihan.

Narito tayong lahat bilang mga lider ng Simbahan. Abala tayo. Pero kailangan kong tandaan—gaya ninyo—na ang una nating responsibilidad ay sa sarili nating pamilya. Tandaan, sila ay isa sa ilang pagpapalang madadala natin sa kawalang-hanggan! Si Newel K. Whitney ay bishop sa sinaunang Simbahan sa Kirtland. Tulad ninyong mga bishop ngayon, malamang na lubha siyang abala sa paggawa ng maraming mabubuting bagay. Ngunit siya’y pinagsabihan ng Panginoon at inutusan “ayusin ang *kanyang* mag-anak”

(D at T 93:50; idinagdag ang pagkahilig ng mga titik). Mga kapatid, ang payong ito ay angkop sa ating lahat.

Marami sa inyo ang mga magulang o lolo’t lola na, o balang-araw ay magiging gayon. Ngunit may asawa man o wala, lahat tayo’y miyembro ng mga pamilya. Isipin sandali ang sarili ninyong pamilya. Ano ang nagustuhan ninyo sa kanila? Ang isang nagustuhan ko sa aking pamilya ay natutuwa ako’t gusto ng apat kong anak na lalaki na magkasama-sama.

Anong doktrina tungkol sa pamilya ang itinuturo ng pagpapahayag? Nais kong magtuon sa isang talata: “Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtutungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan.”²

Gustung-gusto ko ang mga salitang, “sa plano ng Diyos.” Ang pagiging magulang ay bahagi ng banal na plano ng ating Ama sa Langit para sa Kanyang mga anak. Bilang mga magulang, tayo ay may banal na responsibilidad na maglaan, mangalaga at mag-aruga sa ating pamilya.

Paano nakakatulong sa atin ang mga tuntuning ito—ang *maglaan*, *mangalaga*, at *mag-aruga*—sa pagpapalaki ng mabubuting anak?

Maglaan

Nakasaad sa pagpapahayag na ang mga magulang ang maglalaan ng “mga pangangailangan sa buhay.” Pero ano ang mga pangangailangang iyon? Oo nga’t may tirahan, at may pagkain sa



hapag-kainan. Pero dahil sa plano ng ebanghelyo, alam nating may higit pa rito. Kabilang dito ang mga kasanaan—mga bagay na nagpapatatag sa pagkatao. Suriin natin ang ilan dito.

Naglalaan tayo para sa ating mga anak kapag tinuturuan natin silang magtrabaho. Ikukuwento ko sa inyo ang apo kong si Jacob. Ayaw niyang mag-aral. Sinubukan na ng kanyang ina ang maraming bagay. Sa huli’y pinaupo niya ito at sinabing, “Tungkulin ni Itay ang magtrabaho at kumita. Ang tungkulin ko’y dumito sa bahay at alagaan kayong magkakapatid. At ang tungkulin mo, Jacob, ay mag-aral.” Nang maunawaan ni Jacob ang prinsipyo, tinanggap niya ito at pumasok sa paaralan.

Tinuturuan din natin ang ating mga anak na magtrabaho sa pag-asang tutulong sila sa bahay at, kung angkop, magtrabaho din sa labas ng bahay. Tinutulungan natin ang ating mga anak na maglaan sa buhay nila sa pagtuturo sa kanila ng kahalagahan ng pagtatrabaho. Magsimula nang maaga! Sabi ng asawa ko ang pinakamagandang regalo sa kanya ng tatay niya ay ang makapagsarili—dahil tinuruan siya nitong magtrabaho.

Ang pangangasiwa sa ating pananalapi ay tumutulong din sa atin na maging mabubuting tagapaglaan. Bilang mga magulang, magkasamang planuhin ang gastusin ayon sa badyet. Ituro sa inyong mga anak ang kaibhan ng gusto at kailangan. Huwag humiling ng kung anu-ano sa inyong asawa na hindi naman kailangan. Nang payuhan tayo ni Pangulong Hinckley na huwag mangutang, may kilala akong ama na kinausap ang mga anak niyang may asawa na at tinanong sila tungkol sa gastusin nila. Nagulat siyang matuklasan na dalawa rito ang lubog sa utang. Pagkatapos ay tinanong niya kung matutulungan niya silang magplano.

Nakakatulong sa mga magulang ang pag-aaral at pagsasanay para makapaglaan. Hikayatin ang inyong mga anak na pag-aralan ang lahat ng kaya nila. Sa ilang bansa, hindi makautang ang mga kabataan sa Perpetwal na Pondong Pang-edukasyon dahil hindi sila tapos ng hayskul. Sa panahon ngayon, napakahalagang patuloy na matuto ang mga magulang.

Mangalaga

Ang pangalawang tuntuning gusto kong talakayin ay ang *mangalaga*. Mangalaga mula sa ano? Mula sa kapa-hamakan—kapwa pisikal at espirituwal. Nangangalaga tayo kapag tinuturuan natin ang ating mga anak na sila ay mahalaga sa Diyos, kapag nagsisimba tayo bilang pamilya, nagpa-family home evening tayo, nagdarasal sa pamilya, samasama tayong nag-aaral ng mga banal na

kasulatan. Simpleng gawin ang lahat ng iyan, pero pinatotohanan ko na mabisang pangangalaga ang nagagawa nito.

Itinuturo ng pagpapahayag na ang mga magulang ay may banal na tungkuling pangalagaan ang kanilang mga anak. Ang pang-aabuso ay nakakasugat ng damdamin, tulad ng panlalait sa asawa o anak, pagbabalwala sa kanila, o pagpipigil ng pagmamahal at pagsuyo. Hindi pina-ngangalagaan ng mga ama ang kanilang pamilya kapag pinalo o sinaktan nila ang kanilang asawa o mga anak. Sabi ng isang miyembrong babaeng West African, bago siya sumapi sa Simbahan, sinasaktan ng kanyang ama ang nanay niya at silang magkakapatid. “Ngayon,” sabi niya, “iginagalang niya kami at minamahal dahil nauunawaan niya na tayo’y mga anak ng Diyos.”

Pinangangalagaan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa pagkilala sa mga napili nilang kaibiganin. Isang dalagita ang nagalit nang tanungin siya ng ama tungkol sa mga ginagawa niya sa gabi. Ipinaliwanag ng ama na nakasaad sa pagpapahayag na siya ang dapat mangalaga sa kanyang pamilya at mahal niya ang kanyang anak kaya niya gustong matiyak na ligtas ito.

Dapat din nating pangalagaan ang ating mga anak mula sa impluwensya ng media. Alamin ang pinanonood ng inyong mga anak sa telebisyon, sine at sa bahay ng kanilang mga kaibigan. Kung may kompyuter kayo sa bahay, siguraduhing kasangkapan ito sa mga bagay na “marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri” (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13).

Napapangalagaan tayo kapag sinusunod natin ang buhay na propeta. Paano kayo napangalagaan bilang

pamilya sa pagsunod sa payo ni Pangulong Hinckley na basahin ang Aklat ni Mormon? Kamakaila'y tumanggap ako ng sulat mula sa isang miyembro ng babae sa England. Isinulat niya:

“Nahirapan ang pamilya ko nitong nakaraang taon sa isang amang ayaw nang magsimba. Dati siyang aktibo sa buong buhay niya at naging miyembro ng bishopric. Taimtim akong nagtatanong sa Panginoon kung ano ang magagawa ko para hindi ako mapoot at magalit. Kami lamang ng mga bata ang nagpa-family home evening at nagdarsal. Sa templo nadama ko, dahil sa hamon na basahin ang Aklat ni Mormon, na huwag basahin ang banal na kasulatan na mga bata lang ang kasama kundi dalhin ang mga bata at mga banal na kasulatan sa aking asawa, saanman siya naroon sa bahay. Kaya sama-sama kami, gabi-gabi tuwing alas-9, para lapitan siya. Nakikibasa siya sa amin—noong una'y hindi, pero ngayo'y ginagawa na niya. Nagsisimba na siya,



sumasama sa amin sa family home evening, at namumuno sa pagtalakay ng ebanghelyo. Mga alagad ng Diyos ang mga anak ko at dinala ang salita ng mapagtubos na pagmamahal sa aking asawa. Napakalaking pagpapala nito sa aking pamilya.”

Mag-aruga

Ang pangatlo at huling tuntunin ay ang *mag-aruga*. Ano sa tingin ninyo ang pag-aaruga? Ano ang pakiramdam ninyo rito? Ano ang dinig ninyo rito? Ang pag-aaruga ay parang tulad ng banal na kasulatang ito: “Sa pamamagitan lamang ng paghihikayat, ng mahabang pagtitiis, ng kahinahunan at kaamuan, at ng hindi pakunwaring pag-ibig; sa pamamagitan ng kabaitan” (D at T 121:41–42). Magbabahagi ako ng ilang halimbawa.

Sa palagay ko ang pag-aruga ay parang pagdidisiplina nang may pagmamahal. Pinahihinto ng isang batang ina



ang kanyang anak kapag hindi ito sumusunod. Sinasapo sa mga palad niya ang mukha nito, tinitigan ito sa mga mata, at sinasabing, “Makinig ka sa akin.” Kailangan nating turuan ang ating mga anak na matalinong pumili, ngunit hindi natin maaalis ang kahihi-natnan ng kanilang mga ginawa. Tandaan, ang batayan ng plano ng ating Ama sa Langit ay kalayaang pumili.

Ano ang pakiramdam ninyo sa pag-aaruga? Marami sa pagtuturo at pagpapatatag ng relasyon sa pamilya ang nagaganap sa maiikli at di planadong sandaling iyon sa araw-araw nating gawain. Ang hapag-kainan ay lugar upag magkalapit ang isa't isa, magkuwentuhan tungkol sa mga ginawa natin sa araw na iyon, pakinggan at palakasin ang loob ng isa't isa, at magtawanan. Alam ko na

nagpapagaan ng problema ang pagtawana. Mahal na mga ama't ina, regular nating isabay sa pagkain ang mga taong mahal ninyo.

Tapos na ba ang pagiging magulang ninyo kapag nagsilaki na lahat ng anak ninyo at nakabukod na. Hindi, ang



usapan ay hinding-hindi kayo matatapos. Pero tungkulin nating lumikha ng mga walang hanggang pamilya. Noong naglilingkod kaming mag-asawa sa misyon sa Inglatera, isa sa mga anak naming lalaki at kanyang pamilya ang bumisita. Naalala kong sinabi niya, “Pumunta kami kasi kailangan namin ng pag-aaruga.” Kapag naging magulang kayo, mananatili kayong magulang. Hindi ba’t kaydakila niyon? Pagkatapos kong basahin ang Aklat ni Mormon noong Disyembre, namangha akong matuklasan na maging si Mormon ay pinayuhan ang anak niyang si Moroni na nasa hustong gulang na: “Anak ko, maging matapat kay Cristo; . . . nawa ay dakilain ka ni Cristo . . . at ang kanyang awa at mahabang pagtitiis, at ang pag-asa ng kanyang kaluwalhatian at ng buhay na walang hanggan, ay mamalagi sa iyong isipan magpakailanman” (Moroni 9:25).

Ano ang dinig ninyo sa pag-aaruga? Kung minsa’y mahirap hingan ng mahigit sa isang salitang sagot ang tinedyer. Narito ang isang tanong na natuklasan kong labis na makakatulong para mabago iyon: “Ano ang pinakamalaking hamon o pagsubok sa iyo ngayon?” Ito’y nagbibigay-daan para makibahagi ang mga kabataan. At kapag nagbahagi sila, makinig lang! Huwag humatol o magpayo o anuman. Basta makinig lang. Mamamangha kayo sa pagkakalapit at ugnayang mabubuo sa inyo. Mga bishop at tagapayo, magiging epektibo ang tanong ding ito sa pag-iinterbyu ninyo sa mga kabataan sa inyong ward.

Ang pag-aaruga ay parang panalangin ng pamilya. Isa sa mga alaalang hindi ko malilimutan ay nang lumuhod si Itay kasama naming magkapatid sa tabi ng kama ng aming mga magulang sa maliit nilang silid at marinig ko siyang magsumamo sa Ama sa Langit na basbasan ang aming inang

nasa ospital. Nakatulong sa akin ang narinig kong pagsusumamo ni Itay para malaman na may Diyos sa langit na nakikinig. Manalangin para sa inyong mga anak tungkol sa mga gawain nila sa paaralan at sa kaligtasan nila sa maghapon. Alam ng mga anak natin ang ating pagmamahal at mga inasahan kapag naririnig nila tayong ipinagdarasal sila.

Pagpapalakas ng mga Pamilya

Bilang lider, paano ninyo mapapalakas at matutulungan ang mga pamilyang pinaglilingkuran ninyo? Magagamit ninyo ang mga tuntuning ito—maglaan, mangalaga, at mag-aruga—upang mapalakas ang pamilya sa inyong ward.

Sinusuportahan ng mga lider ang mga magulang sa pamamagitan ng paggalang sa kanila, hindi sa pangunguna sa buhay ng kanilang anak. Maaari ninyo silang turuan, bahaginan ng mga parehong interes, ngunit umaayon sa gustong mangyari ng mga magulang. Ibinahagi ng isang ina: “Madalas sa tingin ko’y kaming mag-asawa ang huling mga taong gustong pakinggan ng mga anak naming binatilyo. Kung minsan, dahil sa barkada, ayaw nang makinig ng mga anak ko sa amin. Nagpapasalamat ako sa matatalinong lider ng Simbahan na nagpayo sa aming mga anak. Hindi nila pina-ngunahan ang papel naming mga magulang. Nakinig sila, pero sumuporta sa *aming* paggabay, at itinuro sila pabalik sa amin.”

Bilang mga pamilya, lahat tayo’y may mga pangangailangan. Ilang taopusong pananalita lamang tungkol sa mga inang nag-iisang magulang: Ikukuwento ko sa inyo ang isang inang lima ang anak at ang asawa’y ipinadala sa ibang bansa. Sabi niya:

“Pag-alis ng asawa ko noong

unang bahagi ng Pebrero, may naaasahan kaming mga sasakyan. Gayunman, pagsapit ng Nobyembre, nasirang lahat ang mga ito, at hindi namin naipaayos. Kasabay nito, sinabi sa akin ng 17-anyos na anak kong lalaki na wala siyang balak magmisyon dahil hindi niya tiyak kung totoo ang ebanghelyo. Kung may panahon man sa buhay ko na kinailangan ko ng basbas ng priesthood, noon iyon. Hindi ko maalala ang buong detalye o kailan at saan, pero malinaw kong naaalala na tumanggap ako ng mahigit sa isang basbas mula sa mapagmahal na maytaglay ng priesthood sa panahong ito. Matagal ko nang alam na matatawagan ko ang mga home teacher ko at darating sila agad. Walang marunong mag-ayos ng van, pero nabigyan nila ako ng kailangang-kailangan kong basbas ng priesthood, at nakakita sila ng mag-aayos ng sasakyan.”

Nakagawa ng kaibhan ang matapat na home teacher sa pamilyang ito, at makagagawa sila ng kaibhan sa lahat ng nag-iisang magulang sa mga pamilya kapag nakilala nila sila, nakuha ang kanilang tiwala at nabigyan ng mga basbas ng priesthood. Mga bishop, lider ng grupo ng mga high priest, at pangulo ng korum ng mga elder, kailangan ng mga inang ito ang basbas ng priesthood sa kanilang tahanan, gayundin ng kahanga-hanga nating kadalagahan.

Nagbabala si Pangulong Hinckley tungkol sa “mga kasalanan ng mundo” 10 taon na ang nakalilipas nang ilabas ang pagpapahayag. Pinagtibay ng paghahayag na ito ng propeta ang “mga pamantayan, doktrina, at kaugalian” ng Panginoon “na nauukol sa pamilya.”³ Sa kabilang dako, sinusubukang diktahan ng mundo ang papel ng kababaihan at pagiging ina. Ang mga kababaihan ngayon ay sinasabihan na



Sinusuportahan ng mga lider ang mga magulang sa pamamagitan ng paggalang sa kanila, hindi sa pangunguna sa buhay ng kanilang anak.

kailangan nila ng permanenteng trabaho, mga organisasyong kabibilangan, at mga anak kung kaya nila. Mabilis nang nawawala sa uso ang marangal na papel ng isang ina. Liliwanagin ko ito: hindi natin dapat tulutan ang mundo na ilagay sa pang-anib ang alam nating ibinigay sa atin sa plano ng Diyos.

Mga kapatid, hayaan ninyong mag-salita ako nang direkta sa inyo nang ilang minuto. Bilang mga miyembro ng Relief Society ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, pagpapala at responsibilidad nating arugain at pangalagaan ang pamilya. Bawat isa ay kabilang sa isang pamilya, at bawat pamilya ay kailangang palakasin at pangalagaan.

Ang pinakamalaking tulong sa aking pagiging maybahay ay nagsimula sa aking ina at lola at sumunod ay sa mga miyembro ng Relief Society sa iba't ibang ward na kinabilangan namin. Natuto ako ng mga kasanayan; namalakas ko ang galak na nagmumula sa paglikha ng tahanang nais tirhan ng iba. Simula Enero 2006, may mga bagong tuntunin sa mga miting at aktibidad sa pagpapaunlad ng tahanang, pamilya, at sarili. Mas madali itong iakma para makalahok ang lahat ng miyembrong

babae sa Relief Society. Kaya mga lider ng Relief Society, tiyakin ninyong mapalakas sa ipinlano ninyong mga miting at aktibidad ang tahanang ng lahat ng inyong kababaihan.

Ang visiting teaching ay isa pang paraan para masuportahan ang pamilya. Sana lahat kayo'y magkaroon ng pagkakataong maging visiting teacher. Hindi lamang pinalalakas ng visiting teaching ang espirituwalidad ng isang miyembrong babae, kundi nasa posisyon din sila para mag-aruga at magsuri sa mga pangangailangan. Mga lider ng Relief Society, kumilos sa mga miting ng inyong welfare committee at ireport ang pangangailangang espirituwal at temporal na tinukoy ng inyong mga visiting teacher.

Ang Dalisay na Pag-ibig ni Cristo

Sa mga may-asawa na, isipin ang nakaraan. Bakit ninyo inibig ang inyong asawa? Matututo kayong magpatawad kapag naalala ninyo ito. Ipadama ang pagmamahal ninyo sa isa't isa. Makagagawa ng kaibhan ang babae sa buhay ng kanyang asawa kapag binigyan niya ito ng lakas ng loob. Mapapasigla ng lalaki kahit ang pinakamalungkot na araw sa dalawang simpleng salitang ito: "Mahal kita." Isa

sa pinakamagandang regalo ng mga magulang sa kanilang mga anak ay ang ipakita nilang nagmamahal sila.

Tungkulin nating mga magulang sa pagpapalaki ng mabubuting anak na maglaan, mangalaga, at mag-aruga, at ginagawa natin ito sa pantay na magkatuwang. Ginagawa rin natin ito bilang mga lider. Mahirap maging lider. Mahirap maging magulang. Pinanghihinaan tayo ng loob, pero patuloy pa rin tayo. Palagay ko marami tayong natututuhan tungkol sa dalisay na pag-ibig ni Cristo sa ating pamilya at sa paglilingkod sa Simbahan.

Bilang mga magulang at lider, kailangan nating mahal in ang ating mga anak tulad ng pagmamahal sa atin ng Ama sa Langit. Mababasa natin sa Moroni 8:17, "Ako ay puspos ng pag-ibig sa kapwa-tao, ang walang hanggang pag-ibig." Idagdag dito ang mga salita ng Panginoon: "Damitan ang inyong sarili ng bigkis ng pag-ibig sa kapwa-tao, gaya ng isang balabal, na siyang bigkis ng pagiging ganap at ng kapayapaan" (D at T 88:125). Inaanyayahan ko kayo, sa lahat ng pakikitungo ninyo isuot ang balabal ng pag-ibig sa kapwa-tao, balutin ang inyong pamilya ng dalisay na pag-ibig ni Cristo.

Bilang mga pamilya at lider, nawa'y basbasan kayo ng Panginoon upang mabalot ninyo ng balabal ng pag-ibig sa kapwa-tao ang inyong mga minamahal, nang lahat tayo'y makabalik sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit at makapiling Siya magpakailanman. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.

MGA TALA

1. Tingnan sa "Pagkagalak sa Pribilehiyong Maglingkod," ni Gordon B. Hinckley, sa *Pandaigdigang Miting sa Pagsasanay sa Pamumuno*, Hunyo 21, 2003, 23.
2. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liabona*, Okt. 2004, 49.
3. "Stand Strong Against the Wiles of the World," *Ensign*, Nob. 1995, 100.

Mga Tahanang Banal, mga Walang Hanggang Pamilya



PANGULONG THOMAS S. MONSON
Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan

Pagtatag ng Walang Hanggang Tahanan

Mapagpakumbaba kong kinakatawan ang Unang Panguluhan bilang pangwakas na tagapagsalita sa miting na ito. Nabigyan tayo ng inspirasyon at napa-lakas sa mga sinabi nina Elder Bednar, Elder Perry, at Sister Parkin. Natuon ang ating isipan sa tahanan at pamilya nang mapaalalahanan tayo na “tahanan ang batayan ng matwid na pamumuhay, at walang ibang kasangkapan na maaaring humalili dito ni tumupad sa napakahalagang gawain nito.”¹

Ang tahanan ay higit pa sa isang bahay na yari sa kahoy, semento, o bato. Ang tahanan ay binubuo ng pagmamahal, sakripisyo, at paggalang. Responsibilidad natin ang mga tahananang ating itinayo. Magtayo nang buong talino, dahil hindi maikling panahon ang kawalang-hanggan. May katiwasayan at kaguluhan, pagsikat at paglubog ng araw, galak at kalungkutan. Pero kung talagang sisikapin natin, maaaring maging kapisang langit sa lupa ang tahanan. Ang mga iniisip, ginagawa, pamumuhay natin ay hindi lang nakakaapekto sa tagumpay ng paglalakbay natin sa lupa; ito rin ang landas tungo sa walang hanggang nating mga mithiin.

Ang ilang pamilyang Banal sa mga Huling Araw ay binubuo ng ina, ama, at mga anak, sama-sama sa bahay, habang nasasaksihan ng iba ang pagpanaw ng isa, at ng isa pa, at ng isa pang miyembro nito. Kung minsan iisang tao ang bumubuo ng isang pamilya. Anuman ang bumubuo rito, patuloy ang pamilya—dahil ang pamilya’y maaaring maging pangwalang-hanggan.

Matututo tayo mula sa dalubhasang arkitekto—maging ang Panginoon. Tinuruan Niya tayo kung paano magtayo. Sabi Niya: “Ang bawat . . . bahay na nagkakabahabahaing laban sa kaniyang sarili ay hindi

mananatili” (Mateo 12:25). Mayamaya’y nagbabala Siya: “Masdan, ang aking bahay ay isang bahay ng kaayusan . . . at hindi isang bahay ng kaguluhan” (D at T 132:8).


Sa paghahayag na ibinigay kay Propetang Joseph Smith sa Kirtland, Ohio, Disyembre 27, 1832, ipinayo ng Guro, “Isaayos ang inyong sarili; ihanda ang bawat kinakailangang bagay; at magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalanginan, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya, isang bahay ng pagkakatatoto, isang bahay ng kaluwalhatian, isang bahay ng kaayusan, isang bahay ng Diyos” (D at T 88:119; tingnan din sa 109:8).

Saan makakakita ang sinuman ng mas angkop na plano kung paano siya matalino at wastong makapagtatayo ng bahay? Ang gayong bahay ay tutugon sa mga patakaran ng pagtayo sa Mateo, maging isang bahay na nakatayo “sa ibabaw ng bato” (Mateo 7:24, 25; tingnan din sa Lucas 6:48; 3 Nephi 14:24, 25), isang bahay na kayang tiisin ang ulan ng paghihirap, baha ng kalaban at hangin ng pagdududa sa buong paligid ng ating pabagu-bagong mundo na puno ng hamon.

Maaaring itanong ng ilan, “Pero patnubay ang paghahayag na iyan sa pagtatayo ng isang templo. Mahalaga ba iyan ngayon?”

Ang isasagot ko’y, “Hindi ba’t sinabi ni Apostol Pablo, ‘Hindi бага ninyo nalalaman na kayo’y templo ng Dios, at ang Espiritu ng Dios ay nananahan sa inyo?’” (I Mga Taga Corinto 3:16).

Hayaang ang Panginoon ang maging pangkalahatang kontratista sa ating pagtatayo. At tayo nama’y maging limitadong mga kontratistang responsable sa isang mahalagang



Ipinayo ng Guro, “Isaayos ang inyong sarili; ihanda ang bawat kinakailangang bagay; at magtayo ng isang bahay, maging isang bahay ng panalangin, isang bahay ng pag-aayuno, isang bahay ng pananampalataya.”

yugto ng buong proyekto. Lahat tayo kung gayo’y mga tagapagtayo. Bukod pa sa pagtatayo ng sarili nating tahanan, responsibilidad din nating tumulong na maitayo ang kaharian ng Diyos dito sa lupa sa pamamagitan ng tapat at epektibong paglilingkod sa mga tungkulin natin sa Simbahan. Hayaang ibigay ko ang mga patnubay mula sa Diyos, mga aral sa buhay, at mga puntong pag-iisipan sa ating pagtatayo.

Lumuhod para Magdasal

“Tumiwala ka sa Panginoon ng buong puso mo, at huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.

Kilalanin mo siya sa lahat ng iyong mga lakad, at kaniyang ituturo ang iyong mga landas” (Mga Kawikaan 3:5–6). Iyan ang sabi ng matalinong si Solomon, anak ni David, na hari ng Israel.

Sa kontinenteng ito ng Amerika, sinabi ni Jacob, na kapatid ni Nephi: “Umasa sa Diyos nang may katatagan ng pag-iisip, at manalangin sa kanya nang may labis na pananampalataya” (Jacob 3:1).

Dumating sa atin ngayon ang pagyong ito ng langit bilang napakalinaw na tubig sa tigang na lupa. Nabubuhay tayo sa magulong panahon.

Ilang maiikling henerasyon pa

lang ang nakararaan, hindi mawari ng tao ang mundong ginagalawan natin ngayon at mga problema rito. Napaliligiran tayo ng imoralidad, pornograpiya, karahasan, mga droga, at iba pang talamak na kasama-ang umaalipin sa makabagong lipunan. Atin ang hamon, maging ang responsibilidad, hindi lang para manatiling “walang dungis . . . sa sanglibutan” (Santiago 1:27) kundi gabayan din ang ating mga anak at iba pa nating pananagutan na maligtasan ang karagatan ng kasalanan sa ating paligid, upang makabalik tayo balang-araw sa piling ng ating Ama sa Langit.

Kailangan ang ating presensya, panahon, pagsisikap sa pagtuturo sa sarili nating pamilya. Para epektibo ang ating pagtuturo, dapat tayong maging matatag na halimbawa sa ating mga



kapamilya at bigyan natin ng oras ang bawat miyembro, gayundin ang pagpapayo at paggabay.

Madalas tayong nalulula sa dami ng ipinagagawa sa atin. Gayunman, laging nariyan ang tulong. Siya na kilala ang bawat anak Niya ay sasagot sa taimtim at taos nating dalangin kapag nagpatulong tayo na magabayan sila. Mas maraming problema ang malulutas, mas maraming pagdurusa ang gagaan, mas maraming kasalanan ang maiiwasan, at higit na kapayapaan at katiwasayan ang darating sa kaluluwa ng tao sa gayong pagdarasal kaysa sa ibang paraan.

Maliban sa pangangailangan sa gayong patnubay para sa sarili nating pamilya, tinawag tayo sa mga posisyon kung saan mananagot tayo para sa iba. Bilang bishop o tagapayo, bilang priesthood quorum leader o auxiliary leader. May pagkakataon kayong gumawa ng kaibhan sa buhay ng iba. Maaaring sila lang ang miyembro sa pamilya o di-gaanong aktibo ang pamilya; maaaring tumalikod ang ilan sa mga magulang, at di pinansin ang kani-ang mga pagsamo at payo. Makabubuting maging kasangkapan tayo sa mga kamay ng Panginoon sa paggawa ng kaibhan sa buhay ng isang tao sa gayong sitwasyon. Gayunman, kung walang patnubay ng ating Ama sa Langit, hindi natin magagawa ang lahat ng ipinagagawa sa atin. Dumarating ang gayong tulong sa pamamagitan ng panalangin.

Isang kilalang Amerikanong hukom ang tinanong kung ano ang magagawa natin, bilang mamamayan ng mga bansa sa mundo, upang mabawasan ang

krimen at paglabag sa batas at maghatid ng kapayapaan at katiwasayan sa ating buhay at bansa. Nag-iisip siyang sumagot, “Imumungkahi ko ang pagbalik sa makalumang gawi ng pagdarasal sa pamilya.”

Bilang isang lahi, hindi ba tayo nagpapasalamat na hindi pa laos sa atin ang pagdarasal sa pamilya? May tagong tunay na kahulugan sa karaniwang kasabihang, “Ang pamilyang nagdarasal nang sama-sama ay nananatiling magkakasama.”

Iniutos ng Panginoon Mismo na magdasal tayo sa pamilya nang sabihin Niyang, “Manalangin kayo sa inyong mag-anak, sa Ama, lagi sa aking pangalan, nang ang inyong asawa at inyong mga anak ay pagpalain” (3 Nephi 18:21).

Bilang mga magulang, titser at lider sa anumang kapasidad, hindi natin maaatim na subukan ang mapanganib na paglalakbay na ito sa mortalidad nang walang tulong ng langit sa paggabay sa mga taong sakop ng ating pananagutan.

Sa pampamilya at personal nating pagdarasal sa Diyos, sumampalataya tayo at magtiwala sa Kanya. Lumuhod para magdasal.

Tumanggap ng Tungkulin

Bilang ating halimbawa, bumabaling tayo sa buhay ng Panginoon. Parang makinang na tanglaw ng kabutihan ang buhay ni Jesus nang mangaral siya sa mga tao. Binigyan Niya ng lakas ang mga binti ng pilay, pani-ngin ang mga mata ng bulag, pandinig sa mga tainga ng bingi, at buhay sa katawan ng patay.

Ang mga talinghaga Niya’y makapangyarihan. Sa mabuting Samaritano, itinuro Niya, “[Ibigin mo] ang iyong kapuwa” (tingnan sa Lucas 10:30–35). Sa Kanyang

kabaitan sa babaeng nangalunya, itinuro Niya ang mahabaging pag-unawa (tingnan sa Juan 8:3–11). Sa Kanyang talinghaga ng mga talento, tinuruan Niya tayong magpakabait at magsikap na maging perpekto (tingnan sa Mateo 25:14–30). Talagang inihanda Niya tayo sa ating tungkuling magtatag ng walang hanggang pamilya.

Bawat isa sa atin—priesthood leader man o pinuno sa auxiliary organization—ay may responsibilidad na tumugon sa sagradong pagtawag sa atin. Itinalaga tayo para sa gawing ipinagkatiwala sa atin. Sa Doktrina at mga Tipan 107:99, sabi ng Panginoon, “Dahil dito, ang bawat tao ngayon ay matuto ng kanyang tungkulin, at kumilos sa katungkulang itinalaga sa kanya, nang buong sigasig.” Sa pagtulong nating mapagpala at mapalakas ang mga taong sakop ng ating responsibilidad sa mga tungkulin natin sa Simbahan, tunay na pinagpapala at pinalalakas natin ang kanilang pamilya. Kaya nga, ang paglilingkod natin sa ating pamilya at mga tungkulin sa Simbahan ay walang hanggan ang kapalit.

Maraming taon na ang nagdaan, bilang bishop sa malaki at halu-halong ward ng mahigit isang libong miyembro sa bayan ng Salt Lake City, napakarami kong pagsubok.

Isang Linggo ng hapon tumawag sa akin ang may-ari ng botikang sakop ng ward namin. Sinabi niya na nang umagang iyon isang batang lalaki ang dumating sa botika niya at bumili ng ice-cream sundae mula sa soda fountain. Nanggaling ang ipinambayad niya sa isang sobre, at pag-alis niya, nalimutan niya ang sobre. Nang magkaroon ng pagkakataon ang may-ari na suriin ito, nakita

niya na sobre ito ng handog-ayuno na may nakalimbag na pangalan at telepono ng ward namin. Nang ilarawan niya sa akin ang batang galing sa botika niya, agad kong nakilala ang bata—isang batang deacon mula sa ward namin na mula sa digaanong aktibong pamilya.

Nagulat ako noong una at nalungkot na maisip na kukunin ng sinuman sa mga deacon namin ang pondo ng handog-ayuno na para sa mga nangangailangan at pupunta sa botika sa araw ng Linggo at ipambibili ng sit-serya ang pera. Nagpasiya akong bisitahin ang bata nang hapong iyon para ituro sa kanya ang tungkol sa sagradong pondo ng Simbahan at sa tungkulin niya bilang deacon na tipunin at pangalagaan ang pondong iyon.

Habang papunta sa bahay ng deacon at ng kanyang pamilya, nag-alay ako ng tahimik na dalangin para sa patnubay kung ano ang dapat kong sabihin para maging payapa ang sitwasyon. Dumating ako at kumatok sa pinto. Binuksan iyon ng ina ng bata, at pinapasok ako sa sala. Bagama’t bahagya ang liwanag sa silid, nakikita ko kung gaano ito kaliit at kaluma. Luma na ang iilang piraso ng muwebles. Ang ina mismo ay mukhang mahina na.

Naglaho sa isipan ko ang galit sa ginawa ng anak niya noong umaga nang malaman ko na narito ang isang pamilyang talagang nangangailangan. Naisip kong tanungin ang ina kung may pagkain sa bahay. Luhaan niyang inamin na wala. Sabi niya sa akin matagal nang walang trabaho ang asawa niya at talagang kailangan nila hindi lang ang

makakain, kundi magkapera din upang makabayad sa upa para hindi sila mapalayas sa munting bahay na iyon.

Hinding-hindi ko binanggit ang mga donasyon sa handog-ayuno, dahil



Ang paglilingkod natin sa ating pamilya at mga tungkulin sa Simbahan ay walang hanggan ang kapalit.

natanto ko na malamang na gutom na gutom na ang bata nang tumigil siya sa botika. Sa halip, agad kong isinaayos ang pagtulong sa pamilya, upang makakain sila at magkaroon ng tirahan. Bukod dito, sa tulong ng mga priesthood leader sa ward, naihanap namin ng trabaho ang asawa niya para matustusan niya ang kanyang pamilya sa hinaharap.

Bilang mga priesthood at auxiliary leader, may karapatan tayo sa tulong ng Panginoon sa pagganap sa ating tungkulin at pagtupad sa ating mga responsibilidad. Humingi sa Kanya ng tulong, at pagdating ng inspirasyon sa inyo, kumilos ayon sa inspirasyong iyon kung saan kayo pupunta, sino ang hahanapin, ano ang sasabihin, at paano ito sasabihin. Maiisip natin nang paulit-ulit ang isang ideya, pero napagpapala

lang natin ang buhay ng tao kapag isinagawa natin ito.

Nawa'y maging totoong mga pastol tayo ng mga taong sakop ng ating pananagutan. Isinulat ni John Milton sa kanyang tulang "Lycidas," "Tumingala ang gutom na tupa at hindi napakain" (lina 125). Sinabi ng Panginoon Mismo kay propetang Ezekiel, "Sa aba ng mga pastor ng Israel . . . na hindi . . . pinakakain ang mga tupa" (Ezekiel 34:2-3).

Responsibilidad nating pangalagaan ang kawan, dahil ang mahalagang tupa, ang mahihinang korderong ito, ay nasa buong paligid—sa tahanan sa sarili nating pamilya, sa bahay ng ating mga kamag-anak, at naghihintay sa atin sa ating mga tungkulin sa Simbahan. Si Jesus ang ating Huwaran. Sabi Niya, "Ako ang mabuting pastor; at nakikilala ko ang sariling akin" (Juan 10:14). Responsibilidad nating maging pastol. Bawat isa nawa'y tumanggap ng tungkulin.

Hangaring Magligtas

Sa landas ng buhay na ito, may mga nagkakasala. Ang ila'y lumalayo sa mga palatandaan sa daang patungo sa buhay na walang hanggan para lang matuklasan na walang patutunguhan ang kanilang nilikuan. Ang pagbabalewala, kawalan ng ingat, kasakiman, at pagkakasala ay magpapahamak sa buhay ng tao. May mga tao, sa di-malamang mga dahilan, na ibang landas ng buhay ang tinatahak, para matuklasan lamang sa huli na kalungkutan at pagdurusa ang kanilang kinauwian.

Noong 1995 inilista ng Unang Panguluhan ang mga naligaw mula sa

kawan ni Cristo at nagpalabas ng espesyal na pahayag na pinamagatang "Paanyayang Bumalik." Nasa mensahe ang pakiusap na ito:

"Sa inyo, na sa kung anong dahilan ay nawala sa pag-aaruga ng Simbahan, sinasabi naming bumalik kayo. Inaanyayahan namin kayong bumalik at makibahagi sa kaligayahan minsan ninyong nadama. Makikita ninyo ang maraming bisig na sasalubong sa inyo, tutulong at aaliw sa inyo.



"Kailangan ng Simbahan ang inyong lakas, pagmamahal, katapatan, at debosyon. Nasa lugar at tiyak ang landas na tatahakin ng isang tao para makabalik sa ganap na mga pagpapala ng pagiging miyembro ng Simbahan, at handa kaming tanggapin ang lahat na nais gawin ito."

Marahil ang madalas maulit na tagpo ay ilalapat sa puso ninyo ang personal na oportunidad na hangaring tumulong. Bisitahin natin ang pamilyang may anak na nangganggalang Jack. Noong kabataan ni Jack, marami silang matitinding pag-aaway na mag-ama. Isang araw noong 17 anyos

siya, talagang nag-away sila. Sabi ni Jack sa tatay niya, "Hindi ko na maka-kaya ito. Lalayas ako, at hinding-hindi na babalik!" Pumasok siya sa kanyang kuwarto at nag-impake. Nagmakaawa ang nanay niya na huwag siyang umalis, pero sobra ang galit niya para makinig. Iniwan niya itong umiiyak sa may pintuan.

Paglabas ng bakuran, palabas na siya ng tarangkahan nang marinig niyang tinawag siya ng kanyang ama: "Jack, alam kong ako ang dapat sisi-hin sa paglayas mo. Ikinalulungkot ko talaga. Gusto kong malaman mo na kung gusto mong umuwi, laging bukas ang pintuan para sa iyo.

At sisikapin kong maging mas mabuting ama sa iyo. Gusto kong malaman mo na mahal kita, at lagi kitang mamahalin."

Walang sinabi si Jack pero tumuloy sa istasyon ng bus at bumili ng tiket patungo sa malayong lugar. Habang nakaupo siya sa bus na minamasdan ang mga dinaraang tanawin sa labas, natuon ang isip niya sa mga sinabi ng kanyang ama. Noon niya naunawaan kung gaanong tapang, gaanong pagmamahal ang kinailangan para masabi ng kanyang ama ang sinabi nito. Humingi ng tawad si Itay. Pinababalik siya at nag-iwan ng mga salitang umuugong sa hangin ng tag-init, "Mahal kita."

Alam ni Jack na nasa kanya na ang susunod na hakbang. Alam niyang matatahimik lang ang kalooban niya kung ipamamalas niya sa tatay niya ang gayunding kahustuhan ng isip, kabutihan, at pagmamahal na ipinakitita nito sa kanya. Bumaba ng bus si Jack. Bumili siya ng tiket pabalik at nagsimulang umuwi.

Nakabalik siya bago maghatinggabi,



Nawa’y maging tolong mga pastol tayo ng mga taong nasa sakop ng ating pananagutan.

pumasok sa bahay, at sinindihan ang ilaw. Naroon sa tumba-tumba ang kanyang ama, nakayuko. Pagtingala niya at nang makita si Jack, tumindig siya mula sa silya; nagyakapan sila. Paglao’y sinabi ni Jack, “Ang mga hulíng taong iyon sa bahay ang ilan sa mga pinakamaligayang sandali sa buhay ko.”

Narito ang isang ama, pigil ang galit at damdamin, na hinangad iligtas ang kanyang anak bago maging isa sa maraming “taong naligaw” bunga ng hiwa-hiwalay na pamilya at mga wasak na tahanan. Pag-ibig ang puwersang nagbubuklod, ang nagpapahilom sa sakit; pag-ibig na madalas madama, bihirang ipahayag.

Mula sa Bundok ng Sinai dumadagundong sa ating mga tainga ang, “Igalang mo ang iyong ama at ang

iyong ina” (Exodo 20:12), at kalauanan, mula sa Diyos ding iyon, ang utos na, “Kayo ay mamuhay nang magkakasama sa pag-ibig” (D at T 42:45).

Pagsunod sa Plano ng Panginoon

Lumuhod para magdasal. Tumanggap ng tungkulin. Hangaring magligtas. Bawat isa ay mahalagang bahagi ng plano ng Diyos para magawang tahanan ang bahay at magawang langit ang tahanan.

Sa ating sagrado at banal na mga responsibilidad sa sarili nating tahanan at tungkulin sa Simbahan mahalaga na mabalanse natin ang mga ito. Dapat tayong gumamit ng karunungan, inspirasyon at matalinong paghatol sa pangangalaga sa ating pamilya at pagtupad sa tungkulin sa Simbahan, dahil bawat isa’y napakahalaga. Hindi natin puwedeng kaligtaan ang ating pamilya; hindi natin dapat kaligtaan ang ating

tungkulin sa Simbahan.

Magtatag tayo nang may kagalingan, huwag nating tahakin ang madaling daan, at sundin ang Kanyang plano. At ang Panginoon, maging ang ating inspektor sa gusali, ay masasabi sa atin, tulad ng sinabi Niya nang magpakita Siya kay Solomon, na tagapagtayo noong unang panahon, “Aking pinapaging banal ang bahay na ito na iyong itinayo, upang ilagay ang aking pangalan doon magpakailan man” (I Mga Hari 9:3). Sa gayo’y magkakaroon tayo ng mga banal na tahanan at mga pamilyang pangwalang-hanggan at makakatu-long ding palakasin at pagpalain ang ibang pamilya.

Buong pagpapakumbaba kong dalangin na mapasaatin ang pagpapalang ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.

TALA

1. Liham ng Unang Panguluhan, Peb. 11, 1999; tingnan sa *Liabona*, Dis. 1999, 1.

ISANG PAGPAPAHAYAG SA MUNDO

ANG UNANG PANGULUHAN AT KAPULUNGAN NG LABINDALAWANG APOSTOL NG ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

KAMI, ANG UNANG PANGULUHAN at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inordena ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.

LAHAT NG TAO—lalaki at babae—ay nilalang sa wangis ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at, bilang gayon, bawat isa ay may banal na katangian at tadhana. Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.

SA BUHAY BAGO PA ANG BUHAY SA MUNDO, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Ama at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkamit ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad patungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang banal na plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga sagradong ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao upang makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.

ANG UNANG KAUTUSAN NA IBINIGAY ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang posibilidad bilang mag-asawa na maging mga magulang. Ipinahahayag namin na ang kautusan ng Diyos na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa. Amin pang karagdagang ipinahahayag na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae, na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

IPINAHAHAYAG namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos.

ANG MAG-ASAWA AY MAY BANAL na tungkuling mahalina at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga

anak. 'Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon' (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmamahal at maglingkod sa isa't isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ina at ama—ay papananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

ANG MAG-ANAK ay inordena ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng bigkis ng kasal at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at mga kapakinabang na gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan ng mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga ng kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtutungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. Ang pagkakaroon ng kapansanan, kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

KAMI ay nagbababala sa mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nagmamalabis sa asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak, na balang araw sila ay papananagutin sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

KAMI ay nananawagan sa mga may-pananagutang mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang ang pangunahing yunit ng lipunan.

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG

